Batas ng Serbisyo ng Pangkaisipang Kalusugan (Panukala 63) o Mental Health Services Act (Proposition 63)

Ang Batas ng Serbisyo ng Pangkaisipang Kalusugan o Mental Health Services Act (MHSA-aka Panukala 63) ay inaprubahan ng mga botante ng California noong Nobyembre 2004 at naging batas noong Enero 2005. Sa MHSA, nadadagdagan ang saklaw ng mga serbisyo sa mga taong may malubhang sakit na nauukol sa kalusugang kaisipan o mga taong malubhang nababalisa at ang kanilang pangangailangang serbisyo ng mga pangangailangan ay hindi natutugunan sa kasalukuyan. Ang MHSA ay pinopondahan sa pamamagitan ng 1% na karagdagang kita sa buwis ng mga Californians na ang tunay na kita ay lumalampas sa $1 milyong dolyares.

Layunin at Hangarin:

- Itakda ang malubhang sakit na nauukol sa kalusugang kaisipan sa mga bata, may-gulang, at mga matatanda bilang isang kondisyon na karapat-dapat bigyang prayoridad.
- Mabawasan ang pumipinsalang epekto ng hindi paggamot ng sakit na nauukol sa kalusugang kaisipan ng mga indibidwal, pamilya, at ng mga lokal na badyet.
- Palawagin ang matagumpay at makabagong mga serbisyo ng mga programa na isama ang pagkaroon ng sapat na kakayahang kultural at palawikaang pamamaraan o paglapit sa mga populasyon na hindi gaanong pinanglilingkuran o naaabot (underserved).
- Magbigay ng mga pondo sa estado at mga lokal na pamahalaan upang sapat na matugunan ang mga pangangailangan ng lahat na kinilala sa programa na ito at masiguro na ang mga pondo ay gamitin sa paraang pinakaepektibo.

Mga Prinsipyo ng MHSA:
Ang MHSA ay bahagi ng isang modelo ng kaayusan at paggaling na serbisyo na ang diin ay ilahok ang mga kliyente sa pagtukoy ng kanilang buhay layunin upang sila ay mamuhay ng masagana at ganap sa kabila ng kanilang kapansanan. Ito ay nangangailangan ng isang malaking pagbabago mula sa modelong klinikal na nakatutok sa “pagtanggal ng mga sintomas ng sakit na nauukol sa kalusugang kaisipan”. Ang kaayusan at paggaling na modelo ay nagtataguyod ng kalayaan sa pamamagitan ng pagbigay sa mga indibidwal at sa kanilang mga pamilya ng mga kasangkapan upang matagumpay nilang makakuha ng makabuluhang trabaho,edukasyon, at pagsasanay, at sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga malulusog na pagkayang pamamaraan sa mga panahong kahirapan. Ang MHSA ay nagtataguyod din ng mga malikhain at makabagong programa na may liksi/kakayahang kultural,etnikal, at linguistikal na maaasahan at sensitibo sa mga pangangailangan ng mga kliyente.Sa pamamagitan ng kolaborasyon o pakikipagtulungan ay matinding hinihikayat ng MHSA dahil ang layunin ng MHSA ay hindi mangopya sa mga serbisyong sa kasalukuyang umiiral na kundi ipabuti at ipalawakin ang mga ito sa pamamagitan ng mga alyansang kooperatiba na nagbibigay-daan para sa isang masintegral at halos walang kamali-maling serbisyo ng paghahatid ng sistema.

Mga Bahagi ng MHSA:
Ang MHSA ay may limang bahagi na kung saan sa simula ay ipinatutupad ng bai-baitang ngunit ang mga ito ay, sa darating panahon, gagawing nakapaloob sa isang komprehensibong plano pagkatapos maumpisahan ang mga paunang hakbang. Ang limang bahagi ng MHSA ay:

1. Serbisyong Pangkomunidad at Suporta o Community Services and Supports - pinondohan noong Agosto 2006
2. Ang Pag-unlad ng Manggagawa, Edukasyon at Pagsasanay o Workforce Development, Education and Training - pinondohan noong Abril 2007
3. Iwas at Maagang Interbensyon o Prevention and Early Intervention-hindi pa pinondohan
4. Puhunan at IT (Impormasyong Teknolohiya) o Capital and IT (information Technology)-hindi pa pinondohan
5. Makabago at Orihinal na mga Programa o Innovative Programs-hindi pa pinondohan